

# Nagkakaisang UP, babangon para sa katarungan!

## ONE BILLION RISING FOR JUSTICE – UP DILIMAN COMMUNITY

*(Pahayag ng Pakikiisa ng OBR-UP Diliman sa One Billion Rising for Justice)*

Nakikiisa ang buong komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman sa panawagang **One Billion Rising for Justice**. Muli, sama-samang babangon, lalaya, at sasayaw tayong mga estudyante, guro, REPS, kawani, manggagawang kontraktuwal, manggagawa sa hotel, mga manininda, tsuper, residente ng barangay UP Campus at iba pang sektor upang wakasan ang karahasan laban sa kababaihan at upang isulong ang hustisyang panlipunan. Tayo ang **One Billion Rising - UP Diliman Community**.

### PATONG-PATONG NA KALAMIDAD

Lugmok sa karahasan ang mamamayang Pilipino dahil sa susong susong kalamidad na hinaharap ng ating bansa. Hindi pa man tuluyang nakababawi ang Kabisayaan sa napakalakas na lindol, hinagupit na ito ng super-bagyang Yolanda. Bilyong ari-arian at kabuhayan ang nawasak. Libo-libong buhay ang nawala. Subalit tatlong buwan na ang lumipas ay wala pa ring kongkretong programa ang pamahalaan para sa rehabilitasyon ng mga biktima. Sa kabila ng pagdagsa ng mga donasyon, hindi nararamdaman ng mga nasalanta ang suporta sa kabuhayan, pagbabalik sa paaralan, maayos na pabahay, at iba pa. Higit sa lahat, wala pa ring mga polisiyang nilikha upang mapigil ang malawakang pangangahoy at pagmimina ng mga lokal at dayuhang korporasyon at iba pang anyo ng panggagahasa sa kalikasan.

### PANLIPUNANG SERBISYO, GINAGAWANG NEGOSYO

Niyananig din ang Pilipinas ng mga serbisyong panlipunang inilalako mismo ng gobyerno sa mga pribadong mamumuhunan tulad ng Dr. Jose Fabella Memorial Hospital, National Children's Hospital, National Kidney Institute, at iba pang institusyong pangkalusugan. Pati ang Philippine General Hospital (PGH) na takbuhan ng mahihirap na Pilipino ay nagpapatupad ng mga anti-mahihirap na polisiya. Sa halip na ibigay ang serbisyo nang libre, sinisingil sa mga bayarin sa laboratoryo maging ang mga maralitang pasyente o yaong mga kabilang sa Class D.

Hindi na lamang sa ospital nagmamahal ang mga bayarin. Patuloy sa pagsirit ang halaga ng langis at kamakailan lang ay inanunsiyo ng MERALCO ang apat na pisong dagdag sa presyo ng kuryente. Tumataas din ang singilin sa iba pang serbisyong panlipunan na dapat sanang pinaglalaanan ng malaking bahagdan sa ating pambansang budget. Sa halip, ang malaking porsiyento nito'y napupunta pa sa militarisasyon.

Sa larangan ng edukasyon, sanlaksang kabataan ang hindi nakatutuntong sa eskuwelahan at kolehiyo dahil sa patuloy na pagkaltas ng estado sa subsidyo ng mga pampublikong paaralan. Ang UP na ipinamamagpag na pambansang unibersidad ay hindi rin naging ligtas sa mga anti-estudyante at anti-mahihirap na polisiya. Mag-iisang

taon na sa Marso ang trahedyang dinanas ni Kristel Tejada subalit nariyan pa rin ang mapaniil na polisiya ng Socialized Tuition and Financial Assistance Program (STFAP) gamit ang bago nitong ngalang Socialized Tuition System (STS). Hindi pa naayos ang proseso ng admisyon na dapat sanang magpaparami sa bilang ng mga iskolar ng bayan na mula sa hanay ng mahihirap na sektor ng lipunan. Dahil sa mataas pa rin ang matrikula at iba pang bayarin, nananatiling prebilehiyo ang edukasyon sa kalakhan ng kabataan sa bansa.

Hindi rin nawawala ang mga kaso ng karahasan sa kababaihan na nararanasan sa lipunan at maging sa loob ng ating unibersidad. Dinukot noong 2006 ang mga aktibistang mag-aaral ng UP Diliman na sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan, na nawawala pa rin hanggang sa kasalukuyan. Inaresto noong 2010 ang mag-aaral ng UP Diliman College of Mass Communication na si Maricon Montajes at dumanas ng mental na tortyur at interogasyon. Ginahasa at pinaslang ang estudyante ng UP Los Baños (UPLB) na si Given Grace Cebanico noong 2011. Ninakawan at sinaksak noong 2012 sa Vinzons Hall si Lordei Hina ng UP Diliman. Taong 2012 din nang nakawan at paslangin sa kaniyang bahay ang mag-aaral na si Maria Victoria Reyes. Patuloy ring nagaganap ang diskriminasyon, panliligalig, at pandarahas sa komunidad ng Lesbian, Gay, Bisexual, at Transgender (LGBT) sa loob at labas ng kampus.

## KONTRAKTUWALISASYON

Suliranin ng mga manggagawa ang malawakang kontraktuwalisasyon sa buong bansa. Damang-dama rin ito ng mga guro, REPS, at mga kawani ng UP. Sa halip na isulong ang tenureship at regularisasyon ng mga empleyado ay multi-tasking, freeze hiring, at hindi pagpuno sa mga kailangang item ang isinusukli sa mga ito. Hindi rin natutugunan ang mababang suweldo at kakulangan sa mga benepisyo ng mga empleyado. Imbes na inspirasyon ay demoralisasyon ang dulot ng mapanghating Performance-Based Bonus (PBB) at ng bagong sistema ng ebalwasyon sa mga kawani na Strategic Performance Management System (SPMS). Nariyan din ang isyung pangkasarian sa hanay ng empleyado ng UP tulad ng sexual harassment, diskriminasyon sa promosyon, pagkakahon, pang-aabuso (domestic violence), limitadaong batayang pangserbisyo tulad ng day care, at patong-patong na gawain.

## KATIWALIAN AT KORUPSIYON SA PAMAHALAAN

Binabaha tayo ng pamahalaang nakababad sa korupsiyon at katiwalian. Sa halip na ibuhos ang pondo ng bayan sa mga serbisyong panlipunan, winawaldas ito ng gobyerno para sa pansariling interes ng mga makapangyarihang gamit ang Pork Barrel, Disbursement Acceleration Program (DAP), at iba pa. Dahil sa ganitong pampulitikang kundisyon ng lipunan, *lalong* nagiging bulnerable sa pagsasamantala ang malaking hanay ng mamamayan. Lumalala ang mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan at komunidad ng LGBT sa Pilipinas. Nagpapatuloy ang kahirapan, kultura ng hindi-pagpapanagot (culture of impunity), at ang kabiguan ng gobyerno at ng mga ligal na institusyon nito na bigyang-hustisya ang mga biktima ng karahasan. Sa panahong nagpapatong-patong ang iba't ibang anyo ng kalamidad na ating dinaranas, wala tayong ibang opsiyon kung hindi ang bumangon at kumilos upang isulong ang katarungan.

Tayo ang One Billion Rising – UP Diliman Community, babangon, lalaya, at sasayaw upang wakasan ang pang-ekonomiya, pampulitika, at pangkulturang mga kondisyong nagluluwal ng iba't ibang anyo ng karahasan!

## Tayo ang nagkakaisang UP, tumitindig para sa katarungan!

Dumalo sa **One Billion Rising for Justice – UP Community** sa **Pebrero 14, 2014, 3:00 – 5:00nh** sa **Quezon Hall, UP Diliman**.

Matapos ang programa at pagsasayaw sa UP Diliman ay sasalubungin natin sa UPD Oblation Ground ang **One Billion Rising – Philippines** ganap na **5:00nh**. Sama-sama tayong magmamartsa paikot ng Academic Oval tungo sa UP Diliman Amphitheater kung saan gaganapin ang programa. Pangangunahan naman ito ng GABRIELA at ng New Voice Company.

### CONVENOR

University of the Philippines Diliman Gender Office (UPDGO)

### PANIMULANG PUMIRMA:

Alliance of Contractual Employees in UP (ACE-UP)  
 All UP Academic Employees Union (AUPAEU)  
 All UP Workers Union (AUPWU)  
 All UP WomenSolidarity  
 Barangay UP Campus  
 College of Arts and Letters (CAL)  
 College of Arts and Letters Student Council (CAL-SC)  
 College of Home Economics (CHE)  
 College of Human Kinetics (CHK)  
 College of Mass Communication (CMC)  
 College of Music (CoM)  
 College of Social Work and Community Development (CSWCD)  
 College of Social Work and Community Development Student Council (CSWCD-SC)  
 Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND)  
 GABRIELA Youth – UP Diliman  
 Konseho ng Mamamayan sa UP Campus  
 National Network of Agrarian Reform Advocates Youth Sector (NNARA-Youth)  
 Office of Anti Sexual Harassment (OASH)

Office of Community Relations (OCR)

Office of Student Affairs (OSA-UPD)

Office of Student Housing (OSH-UPD)

Office of the Vice Chancellor for Community Affairs (OVCCA-UPD)

Office of the Vice Chancellor for Student Affairs (OVCSA-UPD)  
 Philippine Collegian

School of Labor and Industrial Relations (SOLAIR)

Samahan ng mga Manininda sa UP

Sinagbayan

Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND-UP)

Tindog UP

University Health Service (UHS)

University Hotel Workers Union

University Student Council (USC – Gender Committee)

UP Asian Center - Gender and Development Committee

UP Center for Women's Studies (UCWS)

UP Minggan – UP Diliman

UP Solidaridad

Sa mga organisasyon, kolehiyo, at opisinasang nais ding tumindig at ipahayag ang kanilang pakikiisa sa One Billion Rising for Justice - UP Diliman Community, makipag-ugnayan lamang sa UP Diliman Gender Office (UPDGO) sa [updgo@upd.edu.ph](mailto:updgo@upd.edu.ph).